


Fire Safety Tips for San Francisco (Filipino)



MGA TIP UPANG MAGING LIGTAS SA SUNOG

PARA SA
SAN FRANCISCO, CALIFORNIA
(FILIPINO)

Inihahandog ng San Francisco Fire Department
(Kagawaran para sa Pamamahala ng Sunog sa San Francisco)
Enero 2017

Mga Fire Extinguisher (gamit para masugpo ang sunog)

Puwedeng mailigtas ng nabibitbit na fire extinguisher (gamit para masugpo ang sunog) ang mga buhay at ari-arian sa pamamagitan ng pagpatay sa maliit na sunog o pagsugpo nito hanggang sa dumating fire department; gayon pa man, may mga limitasyon ang mga nabibitbit na fire extinguisher. Dahil lumalaki at mabilis na kumakalat ang sunog, ang pinakaunang prayoridad para sa mga residente ay makalabas nang ligtas.

Mga tip upang maging ligtas

- Gumamit ng nabibitbit na fire extinguisher kung nananatili lamang sa maliit na lugar lamang ang sunog, tulad ng basurahan, at hindi ito lumalaki; nakaalis na sa gusali ang lahat; natawag na ang fire department o tinatawag na ito; at hindi puno ng usok ang kuwarto.
 - Para magamit ang fire extinguisher, tandaan ang salitang **PASS**:
 - **P**in ng fire extinguisher ang una mong hugutin. Hawakan ang extinguisher nang hindi nakaturo sa iyo ang nozzle (nguso na nilalabasan ng kemikal o foam), at tanggalin mula sa pagkakakandado.
 - **A**ng asinta ay pababa. Ituro ang extinguisher sa ibabang bahagi ng apoy
 - **S**imulan ang pagpisil sa lever o panikwas nang dahan-dahan at pantay ang pagkakapisil.
 - **S**uyurin ang magkabilang dulo gamit ang nozzle.
- Para sa bahay, pumili ng multi-purpose (marami ang gamit) na extinguisher (puwedeng magamit sa lahat ng uri ng apoy sa tahanan) na husto ang laki para makapatay ng maliit na sunog, pero hindi ganoon kabigat na mahirap namang gamitin.
- Pumili ng fire extinguisher na may etiketa ng independent testing laboratory (independiyenteng laboratoryo na nagsasagawa ng mga eksaminasyon).
- Basahin ang mga instruksiyon na kasama ng fire extinguisher at maging pamilyar na sa mga bahagi nito at paggamit bago pa man magkaroon ng sunog. Madalas na nag-aalok ang mga lokal na fire department o ang mga nagbebenta ng fire equipment ng pagsasanay sa paggamit ng fire extinguisher, kung saan kayo mismo ang humahawak sa mga kagamitan.
- Ikabit ang fire extinguisher malapit sa labasan at tiyaking nakatalikod kayo sa labasan, at nang sa ganoon, kapag ginamit ninyo ito, madali kayong makalalabas kung hindi na puwedeng makontrol ang apoy. Kapag napuno ng usok ang kuwarto, umalis na agad.
- Alamin kung kailan dapat umalis. Isang elemento lamang ang fire extinguisher ng plano para sa pagtugon sa apoy (fire response) pero ang ang ligtas na pagtakas pa rin ang pangunahing elemento. Kailangang may [plano ng tahanan para sa pagtakas mula sa sunog \(home fire escape plan\)](#) at mayroon ding mga gumaganang smoke alarm (nagbibigay ng hudyat na may usok).

Mga Mensaheng Pangkaligtasan tungkol sa mga Smoke Alarm (nagbibigay ng hudyat na may usok)

Mga tip upang maging ligtas

- Posibleng mapabagal ng nakasarang pintuan ang pagkalat ng usok, init at apoy. Magkabit ng mga smoke alarm sa bawat tinutulugang kuwarto at sa labas ng bawat hiwalay na tinutulugang lugar. Magkabit ng mga alarm sa bawat palapag ng bahay. Magkabit ng mga alarm sa basement. Kailangang magkakabit ang mga smoke alarm. Kapag may tumunog, tutunog ang lahat.
- Posibleng mangailangan ang malalaking bahay ng ekstrang smoke alarm.
- Pinakamainam na gumamit ng magkakabit na smoke alarm. Kapag may smoke alarm na tumunog, tutunog ang lahat.
- I-test ang lahat ng smoke alarm nang hindi bababa sa isang beses sa isang buwan. Pindutin ang test button para matiyak na gumagana ang alarm.
- Mayroong dalawang klase ng alarm. Mas mabilis ang mga ionization smoke alarm (gumagamit ng sangkap na radioactive) sa pagbibigay ng babala na mayroong nagliliyab na apoy. Mas mabilis ang mga photoelectric smoke alarm (gumagamit ng liwanag) sa pagbibigay ng babala na mayroong nagniningas na sunog. Pinakamainam na gamitin ang dalawang klase ng alarm na ito sa bahay.
- Kailangang nasa may kisame o sa itaas na bahagi ng dingding ang smoke alarm. Ilayo ang mga smoke alarm sa kusina para mabasawan ang maling pag-alarma. Kailangang malayo ang mga ito nang hindi bababa sa 10 feet o piye (3 metro) mula sa lutuan.
- Puwedeng gumamit ang mga taong [hirap sa pandinig o bingi](#) ng mga espesyal na alarm. May mga strobe light (kumikislap-kislap na liwanag) at bed shaker (yumayanig-yanig sa kama). (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/people-at-risk/people-with-disabilities/educational-materials/people-who-are-deaf-or-hard-of-hearing>)
- Palitan ang lahat ng smoke alarm kapag 10 taon na ang mga ito.
- Mahalagang bahagi ang mga smoke alarm ng [plano ng tahanan para sa pagtakas mula sa sunog \(home fire escape plan\)](#). (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/safety-in-the-home/escape-planning>)

Planuhin ang Inyong Pagtakas

Nakasalalay ang inyong kakayahang makalabas ng bahay kapag nagkasunog sa paunang babala mula sa mga smoke alarm at sa nauna nang pagpaplano.

Posibleng mabilis na kumalat ang apoy sa kabuuan ng inyong bahay, kung kaya't mayroon na lamang kayong isa o dalawang minuto upang ligtas na makatakas matapos tumunog ang alarm. Posibleng mapabagal ng nakasarang pintuan ang pagkalat ng usok, init at apoy. Magkabit ng mga smoke alarm sa bawat tinutulugang kuwarto at sa labas ng bawat hiwalay na tinutulugang lugar.

Magkabit ng mga alarm sa bawat palapag ng bahay. Kailangang magkakabit ang mga smoke alarm. Kapag may isang tumunog, tutunog ang lahat.

Tipunin ang lahat ng tao sa inyong kabahayan at gumawa ng plano. Maglakad sa buong bahay at inspeksiyunin ang lahat ng posibleng labasan at ruta sa pagtakas. Dapat pag-isipan ng mga kabahayang may mga bata ang pagdo-drawing ng floor plan (drawing kung saan nakikita ang pagkakaayos ng mga kuwarto sa bawat palapag), na may mga nakadrawing din na mga bintana at pintuan. Bukod rito, markahan ang kinaroroonan ng bawat smoke alarm. Para sa madaling pagpaplano, i-download ang [grid para sa pagpaplano ng pagtakas \(escape planning grid\)](#). Isa itong magandang paraan upang maging kasangkot ang mga bata sa kaligtasan sa sunog nang hindi sila nakadarama ng pagbabanta.

- Tipunin ang lahat ng tao sa inyong kabahayan at gumawa ng [plano ng tahanan para sa pagtakas \(home escape plan\)](#). Maglakad sa buong bahay at maghanap ng dalawang malalabasan sa bawat kuwarto.
- Siguraduhing walang mga nakakalat o basura sa mga daraan sa pagtakas at madaling mabuksan ang mga pintuan at bintana. Kailangang may emergency release device (kagamitan para sa pagbubukas sa panahon ng emergency) ang mga bintana na may mga rehas o grill.
- Planuhin ang tagpuang lugar sa labas kung saan magkikita-kita ang lahat matapos makatakas. Magagandang tagpuang lugar iyong permanente, kagaya ng puno, poste ng ilaw, o mailbox, na may ligtas na distansiya at nasa harapan ng bahay.
- Kung mayroong mga sanggol, matatanda, miyembro ng pamilyang may limitasyon sa paglalakad o batang hindi nagigising sa tunog ng smoke alarm, tiyakin na may taong nakatalaga sa pagtulong sa kanila sakaling magka-emergency.
- Kapag tumunog ang smoke alarm, lumabas agad at manatili sa labas. Kumilos agad – tumayo at umalis, at tandaang dapat alam ninyo ang dalawang paraan para lumabas ng bawat kuwarto, mabilis na makapunta sa labas, at makatungo sa tagpuan sa labas kasama ang inyong pamilya.
- [Alamin pa ang tungkol sa pagpaplano ng tahanan para sa pagtakas \(home escape planning\)](#). (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/safety-in-the-home/escape-planning>)

Pagiging Handa sa Panahon ng Emergency

Sa panahon ng sakuna, hindi agad na nakararating ang mga lokal na opisyal at relief worker (mga kawani na nagbibigay ng tulong). Posibleng hindi dumating ang tulong nang ilang oras o araw. Kailangang maging handa kayo at ang inyong pamilya -- at huwag kalilimutang isama ang [mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan](http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/people-at-risk/people-with-disabilities) (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/people-at-risk/people-with-disabilities>) -- nang maaga dahil wala nang oras para mamili o maghanap ng mga suplay kapag nagkasakuna.

Mga [sakunang bunga ng kalikasan \(natural disasters\)](http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/safety-in-the-home/emergency-preparedness/natural-disasters) ang karamihan sa mga sakuna, at resulta ang mga ito ng mga puwersa ng kalikasan, kagaya ng buhawi, bagyo at baha. May mga sakunang bunga ng kalikasan na posibleng magawan ng prediksiyon, kagaya ng bagyo at matinding pagbagsak ng yelo sa taglamig, pero mayroon namang iba, kagaya ng buhawi at lindol, na nangyayari nang kakaunti o walang babala. (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/safety-in-the-home/emergency-preparedness/natural-disasters>)

May mga sakunang dahil sa mga aksiyon ng tao, sinasadya man o hindi. Makatutulong ang pagpapalano para sa mga sakuna (disaster plan) sa kaligtasan, seguridad, at kaginhawahan. Anuman ang uri ng sakuna, may mga bagay na magagawa kayo para maghanda. Kontakin ang inyong lokal na [American Red Cross chapter](http://www.redcross.org) (<http://www.redcross.org>), bisitahin ang [FEMA Website](http://www.fema.gov) (<http://www.fema.gov>), o ang [Ready.gov](http://www.ready.gov) (<http://www.ready.gov>) para tiyaking alam ninyo ang mga posibilidad ng pagkakaroon ng mga sakunang bunga ng kalikasan sa inyong komunidad. Matapos ninyong matukoy ang mga uri ng sakuna na posibleng mangyari sa tinitirhan ninyo, gumawa ng plano ng pamilya para sa panahon ng sakuna (family disaster plan) na puwedeng magamit anuman ang uri ng sakuna – bunga ng kalikasan, sinasadya, o hindi sinasadya.

Maghanda ng emergency supplies kit (mga gamit at kailangan sa panahon ng emergency)

Posibleng agad na magkaroon ng sakuna nang walang babala. Posibleng nakakatakot ito para sa mga nakatatanda, pero magdudulot ito ng trauma o matinding karanasan sa mga bata kung hindi nila alam ang gagawin kapag nangyari ang sakuna. Umaasa ang mga bata sa mga nakasanayan nang pang-araw-araw na gawain. Kapag ginambala ng emergency ang kanilang mga nakagagawian, ninenerbiyos ang mga bata. Sa panahon ng emergency, aasa sila sa mga magulang o iba pang nakakatanda para sa tulong.

Ang reaksiyon ng mga magulang sa panahon ng emergency ang nagbibigay ng halimbawa sa mga bata kung paano sila kikilos. Nakikita nila ang takot ng kanilang mga magulang bilang pruwera na totoo ang panganib. Posibleng magkaroon ng pangmatagalang epekto ang pagtugon ng magulang sa ganitong panahon. Makatutulong ang pagsali sa mga bata sa mga plano sa pagbangon (recovery plan) ng pamilya para maramdaman nilang babalik sa normal ang kanilang buhay.

Kailangang maghanda ang mga pamilya ng [mga gamit at kailangan sa panahon ng emergency \(emergency supplies kit\)](#) at gumawa ng plano. Ipraktis ang inyong plano para matandaan ng lahat kung ano ang gagawin sa panahon ng emergency. Kailangang may papel ang lahat ng tao sa bahay, kasama na ang mga bata, sa pagtugon ng pamilya at sa mga gagawin para makabangon. Tandaan: gawing simple ang plano para matandaan ng lahat ang mga detalye.

Iba pang impormasyon tungkol sa paksang ito

- Nagtuturo ang [Sparky the Fire Dog®](#) sa mga bata kung ano-anong mga pangangailangan ang dapat isama sa emergency supplies kit. (<http://www.sparky.org>)
- [American Red Cross](#) (<http://www.redcross.org>)
- [Centers for Disease Control and Prevention \(Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa mga Sakit\)](#) (<http://www.cdc.gov>)
- [Federal Emergency Management Agency \(Pederal na Ahensiya para sa Pamamahala sa Emergency\)](#) (<http://www.fema.gov>)
- [Ready.gov](#) (<http://www.ready.gov>)

Kaligtasan sa Paggamit ng Gaas (Propane)

Ang pangunahing kagamitan sa mga sunog sa tahanan bunga ng paggamit ng LP-gas ay grill, hibachi o barbecue.

Mga katunayan at estatistiko

Tumugon ang mga fire department ng US sa tinatayang taunang karaniwang bilang na 1,170 sunog sa tahanan na bunga ng LP-gas noong 2003-2007. Nagbunga ang mga sunog na ito ng 34 pagkamatay ng mga sibilyan, 135 na pinsala sa mga sibilyan at \$48 milyong direktang pinsala sa ari-arian.

Mga tilamsik ng apoy, baga o pagliyab mula sa kagamitan ang pangunahing pinagmulan ng init ng apoy para sa mga sunog sa tahanan na bunga ng LP-gas.

- Maingat na gamitin ang anumang kagamitang may gaas (propane) at palaging sundin ang mga instruksiyon ng manufacturer o may-gawa nito.
- Kailangang nasa labas ng bahay ang mga tangke ng gaas (cylinder tanks) kagaya ng mga lutuan at oven.
- Huwag kailanman magtago o gumamit ng mga tangke ng gas na mas malaki sa isang pound (libra) sa loob ng bahay.
- Huwag kailanman gumamit ng grill na may gaas sa loob ng bahay.

- Pana-panahong ipa-inspeksiyon sa propesyonal ang kagamitang gumagamit ng gaas upang makita ang mga posibleng pagtagas o mga bahaging hindi gumagana.
- Maingat na sundin ang mga instruksiyon ng manufacturer kapag sinisindihan ang pilot (pampaningas sa apoy) .
- Kapag may naamoy kayong malakas na amoy ng gaas, umalis agad sa lugar at tumawag sa fire department mula sa labas ng tahanan.

Mga Dryer (pampatuyo) at Washing Machine (kagamitan sa paglalaba)

Mga tip upang maging ligtas

- Ipakabit at paserbisyuhan ang inyong dryer sa propesyonal.
- Huwag gamitin ang dryer nang walang lint filter (tagasala sa mga himulmol).
- Tiyakin na nalilinis ninyo ang lint filter bago at matapos ang bawat load ng labada. Tanggalin ang himulmol o lint na nakokolekta sa paligid ng drum.

Kaligtasan sa Paggamit ng mga Extension Cord

- Huwag subukang isaksak ang extension cord (pampahaba sa kable) sa isa pang cord.
- Tiyakin na tama ang deskripsiyon ng extension cord para sa paggagamitan, kung sa loob man o sa labas ng bahay, at natutugunan nito o nahihigitan pa ang mga pangangailangan sa koryente ng kagamitan.
- Panatilihin malayo sa niyebe at tubig ang lahat ng panlabas na extension cord.
- HUWAG i-overload (gamitan ng labis-labis na koryente) ang mga extension cord.
- Isang indikasyon ang palaging paggamit sa mga extension cord na napakakaunti ng inyong saksakan ng koryente para sa inyong mga pangangailangan. Magpalagay ng mga saksakan ng koryente kung saan ninyo kailangan ang mga ito.
- Inspeksiyunin ang mga cord kung may pinsala bago gamitin. Tingnan kung may lamat o sira na saksakan, mga hindi mahigpit ang pagkakasaksak o hubad nang kable, at mga koneksiyong hindi mahigpit ang pagkakakabit.
- HUWAG ipako o i-staple ang extension cord sa mga dingding o baseboard.
- HUWAG padaanin ang extension cord sa mga dingding, pintuan, kisame o sahiig. Kung nababalutan ang cord, lalabas ang init, at posibleng humantong ito sa panganib ng sunog.

- Huwag kailanman gumamit ng mga three-prong plug (pansaksak na tatlo ang pampasak) para sa mga saksakan na dalawa lang ang butas. Huwag kailanman putulin ang ground pin para maipuwersang magkasya, dahil posibleng humantong ito sa pagkakakoryente.
- Mga cord na aprubado ng independiyenteng testing laboratory lamang ang bilhin.
- HUWAG ipalit ang mga extension cord para sa mga permanteng kable.
- HUWAG gumamit ng extension cord o power strip (pahaba ang hugis at marami ang masasaksakan) para sa mga heater o electric fan, dahil posibleng mag-overheat ang mga cord at humantong sa sunog.

Mga Nabibitbit o Portable na Generator

Kapaki-pakinabang ang mga nabibitbit na generator sa panahon na walang koryente. Gayon pa man, hindi alam ng maraming may-ari ng tahanan na posibleng mapanganib ang hindi tamang paggamit ng mga portable generator. Ang mga pinakakaraniwang panganib kaugnay ng mga nabibitbit na generator ay pagkalason sa carbon monoxide (CO), pagkakakoryente, at panganib na magkasunog.

- Kailangang paandarin ang mga generator sa mga lugar na maganda ang daloy ng hangin sa labas ng bahay at malayo sa lahat ng mga pintuan, bintana at lagusan.
- Huwag kailanman gumamit ng generator sa nakakabit na garahe, kahit bukas ang pintuan.
- Ilagay ang mga generator sa paraan na hindi makapapasok sa bahay ang mga sumisingaw mula rito sa pamamagitan ng bintana, pintuan at iba pang lagusan sa gusali.
- Tiyakin ang pagkakabit ng mga [carbon monoxide](#) (CO) na alarm sa inyong bahay. Sundin ang mga instruksiyon ng manufacturer para sa tamang puwesto at taas ng pagkakabit. (<http://www.nfpa.org/public-education/by-topic/fire-and-life-safety-equipment/carbon-monoxide>)
- Patayin ang mga generator at hayaang lumamig muna bago mag-refuel (paglalagay ng gaas, diesel, hydrogen o iba pa). Huwag kailanman mag-refuel ng generator habang tumatakbo ito.
- Iligpit ang fuel (gaas, diesel, hydrogen o iba pa) na para sa generator sa lalagyan na para sa gayong layunin at tama ang etiketa sa gamit nito. Iligpit ang mga lalagyan sa labas ng mga ginagamit na kuwarto sa tirahan.

ANG MGA SUMUSUNOD ANG MGA TIP PARA SA KALIGTASAN NG NFPA NA PUWEDE NINYONG ISAALANG-ALANG

Ang San Francisco Fire Department (Kagawaran para sa Pamamahala ng mg Sunog ng San Francisco), sa pakikipagtulungan sa Department of Building Inspections (Kagawaran para sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali), ay may Fire Prevention and Education team (pangkat para sa Pag-iwas sa Sunog at Pagbibigay ng Edukasyon ukol sa Sunog) na nagtatagiyod ng Kaligtasan sa Sunog sa pamamagitan ng Pag-abot sa Higit na Nakakarami at Edukasyon sa Komunidad. Kapag hiniling, pupunta ang team na ito sa mga organisasyon o pangkat para magbigay ng presentasyon kung paano mapananatiling ligtas ang kanilang espesipikong gusali, ginagamit man ito sa paninirahan o para sa trabaho. Puwede ninyong makontak ang team na ito sa pamamagitan ng pag-eemail ng paghiling sa firepio@sfgov.org o sa pagtawag sa 415-558-3300.

Mahigpit na hinihikayat ng San Francisco Fire Department ang sinumang mamamayan na alam ang tungkol sa mapanganib o hindi ligtas na kondisyon o paggamit ng gusali na kontakin ang San Francisco Fire Department sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa: www.sf-fire.org, o sa pagtawag sa 415-558-3300 o sa 3-1-1 (sa San Francisco). Kailangang iulat nang direkta ang mga inaalala ninyong agad na panganib sa buhay sa pamamagitan ng 9-1-1.



MGA TIP UPANG MAGING LIGHTAS SA SUNOG

PARA SA
SAN FRANCISCO, CALIFORNIA

Pebrero 2017